


## من إصداراتنــا
## More Others







دار التعريف بالإسلام
Islam Presentation Bookshop


للمساهمة معنا في مشروع طباعة الكتب

www.ipc-kw.com    2444117 - 2427383 داخلي : 150
Fahad Salem St. Al-Mulla Saleh Mosque P.O.Box:1613 Safat 13017
Tel.: 2444117 - Fax: 2400057 e-mail:ipb@ipc-kw.com

للمهتدين والمسلمين

فلبيني

# Ang Talambuhay Ng Propeta




## السيرة النبوية

IPC
لجنة التعريف بالإسلام
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE
جمعية النجاة الخيرية

# السيرة النبوية

ترجمة

مركز الدعوة والإرشاد بالزلفي

المملكة العربية السعودية

| Mga Nilalaman | Pahina صفحة | فهرس |
|---|---|---|
| Panimula | 5 | مقدمة |
| Ang Arabia Bago Dumating ang Islam | 6 | العرب قبل الإسلام |
| Ang Handog | 7 | التضحية |
| Ang Kapanganakan ng Sugo | 9 | مولد الرسول ( ﷺ ) |
| Ang Taon ng Elapante | 9 | عام الفيل |
| Ang Pagbiyak Sa Dibdib | 13 | شق الصدر |
| Ang Pagyao ni Aminah | 14 | وفاة آمنة |
| Ang Pagkapropeta | 17 | النبوة |
| Ang Paglikas Sa Ethiopa | 23 | الهجرة إلى الحبشة |
| Ang Pagyakap Sa Islam Ni Omar | 24 | إسلام عمر ( رضي الله عنه ) |
| Taon ng Dalamhati | 26 | عام الحزن |
| Ang Pagpunta Sa Ta'if | 27 | الهجرة إلى الطائف |
| Ang Al-Isra' at ang Al-Mi'araj | 29 | الإسراء والمعراج |
| Ang Labanan Sa Badar | 37 | غزوة بدر |
| Ang Pagsakop Sa Makkah | 41 | فتح مكة |
| Ang Pagyao ng Sugo | 42 | وفاة النبي ( ﷺ ) |
| Ang Ilan Sa mga Pag-uugali ng Sugo | 43 | بعض أخلاق النبي ( ﷺ ) |
| AngIlan Sa Kanyang mga Himala | 45 | بعض معجزات الرسول ( ﷺ ) |
| Ang I;an Sa Kanyang Mga Katangian | 47 | بعض صفات الرسول ( ﷺ ) |
| Ang Pag-aanyaya Niya Sa mga Hari at mga Pinuno | 49 | دعوته للملوك والقواد |
| Ang Napatnubayang mga Khalifah | 51 | الخلفاء الراشدين |
| Ang Mga Umawee at mga Abbasee | 54 | الأمويون والعباسيون |


# كتب جيدة

| فلبيني | رقم | عربي |
|---|---|---|
| Si Muhammad ay nasa Bibliya | 1 | محمد( ﷺ ) في التوراة والانجيل |
| Hesus, anak ni Maria, Propeta, Hindi Diyos | 2 | عيسى ابن مريم رسول وليس إله |
| Ang mga Pinaniniwalaan sa Islam | 3 | أصول العقيدة |
| Ang Taharah at ang Salah | 4 | الطهارة والصلاة |
| Iisa lamang ang Ating Buhay | 5 | حقيقة حياتنا واحدة |
| Ang Kabilang Buhay | 6 | اليوم الآخرة |
| Ang Tunay na Relihion | 7 | الدين الحق |
| Halina sa Katotothanan | 8 | كتاب تعالى إلى الحق |
| Mga Alituntunin at Magagandang Asal sa Islam | 9 | أحكام وآداب الإسلامية |
| Ang Mga Alituntunin sa Mga Pagkain | 10 | أحكام الأطعمة |
| Ang mga Alituntunin sa ag-aayuno | 11 | أحكام الصيام |
| Ang Talambuhay ni Propeta Muhammad | 12 | السيرة النبوية |
| Ang Kahulugan ng La Ilaha Illallah | 13 | معنى لا اله الا الله |
| Ang Mga Pamamaraan sa Pananatiling Matatag sa Relihiyon | 14 | وسائل الثبات |
| Ang Pag-aasawa sa Islam | 15 | الزواج في الإسلام |

kanilang paglalakbay hanggang sa makarating sa isang pook na malapit sa Makkah. Inihanda niya roon ang hukbo. Nakahanda na ang kanilang pagpasok sa Makkah ngunit ang elepante ay lumuhod at ayaw sumulong papuntang Ka`bah. Tuwing kanilang ibinabaling ang elepante sa ibang dako, tumatayo ito at mabilis na lumalakad. Ngunit kapag ibinabaling nila ito sa dakong kinaroroonan ng Ka`bah, ito ay lumuluhod. Habang sila ay nasa gayong kalagayan ay nagpadala si Allah sa kanila ng mga kawan ng ibon na nagbabato sa kanila ng batong buhat sa natuyong putik. Kaya ginawa Niya (Allah) silang animo'y uhay na kinainan. Ang bawat ibon ay nagdala ng tatlong bato: isang bato sa tuka at tig-iisang bato sa bawat paa. Ang mga bato ay kasinlaki ng garbansos. Ang bawat tamaan sa kanila ay nagkakahiwa-hiwalay ang mga bahagi ng katawan at namamatay. Nagsialisan sila at nagkandabuwal sa daan. Si Abrahah naman ay pinadalhan ng karamdamang sanhi nito'y unti-unting napuputol ang mga dulo ng kanyang mga daliri. Nang marating niya ang San`a ay animo siyang isang basang sisiw. Doon na siya namatay. Ang mga Quraysh naman ay nagkahiwa-hiwalay. Mayroon sa kanilang nagtago sa mga lambak at mga bundok dahil sa takot sa hukbo. Nang maganap sa hukbo ang di-inaasahan, ang mga Quraysh ay panatag na nagbalikan sa kani-kanilang tahanan. Ang pangyayaring ito naganap limampung araw bago isinilang ang Propeta (SAS).

Naging kaugalian na noon ng mga Arabiano na maghanap ng isang babaeng taga-disyerto upang ito ang



siyang magpasuso sa kanilang mga supling at upang ang mga bata ay lumaki sa disyerto nang may malusog na pangangatawan. Nang mga panahong iyon ay may dumating sa Makkah na isang pangkat ng mga taong buhat sa liping Banu Sa`d upang maghanap ng mga batang mapasuso kapalit ng kabayaran. Nagsimulang mamahay-mahay ang mga kababaihan sa pangkat na ito. Inayawan nilang lahat si Muhammad (SAS) dahil sa pagiging ulila at mahirap nito. Si Haleemah As-Sa`deeyah (RA)* ay isa sa mga kababaihang ito. Umayaw rin siyang katulad nila. Subalit matapos na magsadya sa maraming bahay ay hindi niya nakamit ang kanyang hangad. Hindi siya nakatagpo ng maisasamang batang kanyang mapasuso kapalit ng kabayarang kahit papaano'y makapagpapagaan sa kahikahusan ng pamumuhay at hirap ng buhay lalo pa't nang taong iyon ay may tagtuyot. Binalikan niya ang bahay ni Aminah at nagkasya na siya sa isang sanggol na ulila at sa maliit na kabayaran.

Nang pumunta si Haleemah (RA) sa Makkah na kasama ang kanyang asawa, siya ay sakay ng isang payat at makupad na inahing asno. Samantalang siya ay nasa daang pauwi na kalong-kalong ang sanggol na si Muhammad (SAS), tumakbo nang napakabilis ang inahing

*RA: Radiyallahu Anhu [para sa lalaki], Radiyallahu Anha [para sa babae], Radiyallahu anhuma [para sa dalawang sahabah], at Radiyallahu Anhum [para sa higit sa dalawang sahaban]. Ang kahulugan nito ay 'Malugod si Allah sa kanya (o sa kanila).' Ito ang sinasabi tuwing matapos banggitin ang pangalan o titulo ng sinuman sa mga kasama (Sahabah) o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

asno na kanyang sinasakyan at napag-iwanan ang lahat ng mga kasabay na nakaangkas sa kanilang mga sasakyang hayop. Ang pangyayaring ito ay labis na ipinagtaka ng kanyang mga kasamahan.

Isinalaysay ni Haleemah (RA) na dati-rati ay halos walang lumalabas na gatas sa kanyang suso. At ang kanyang anak na maliit ay lagi na lamang umiiyak sa tindi ng gutom. Ngunit nang kanyang isinubo ang kanyang suso sa sanggol na si Muhammad (SAS), masaganang dumaloy ang gatas. Ikinuwento niya rin ang tungkol sa tagtuyot na dumapo sa lupang pinaninirahan ng kanyang lipi – ang liping Banu Sa`d. Subalit nang kanya nang makamit ang karangalang magpasuso sa sanggol na ito, naging mabiyaya ang kanilang lupain at ang kanilang mga hayupan. Lubos na nagbago ang kanilang kalagayan; ang kasalatan at hirap ay naging kasaganaan at kaginhawahan.

Dalawang taong nanatili si Muhammad (SAS) sa pangangalaga ni Haleemah (RA). Labis-labis ang nadaramang pagmamahal sa kanya ng kanyang ina-inahang si Haleemah (RA). Nadarama nito sa kaibuturan ng puso nito na may mga bagay-bagay at mga hindi pangkaraniwang pangyayari na bumabalot sa batang ito. Matapos ang dalawang taon, dinala ni Haleemah (RA) ang bata sa ina nito at sa lolo na si `Abdulmuttalib sa Makkah. Subalit itong si Haleemah (RA) na nakasaksi sa biyayang dala ng bata na nagpaigi sa kanilang kalagayan ay nagpumilit kay Aminah na sumang-ayong muling manatili ang bata sa kanyang piling. At sumang-ayon naman si



Aminah. Sa pagbalik ni Haleemah (RA) sa tirahan ng liping Banu Sa`d na kasama ang batang ulila sa ama ay nag-uumapaw ang kanyang kagalakan at walang mapaglagyan ang kanyang kaligayahan.

## Ang Pagbiyak ng Dibdib

Isang araw noong malapit nang mag-apat na taong gulang si Muhammad (SAS), habang siya kasama ng kanyang kapatid sa gatas na anak na lalaki ni Haleemah (RA) ay naglalaro malayo sa mga kubol na pinaninirahan ng mga tao, biglang umalis ang anak na ito ni Haleemah (RA) at tumatakbong dumating kay Haleemah. Dumating itong ang mukha ay kakikitaan ng mga tanda ng pagkatakot. Hiniling ng bata sa ina na puntahan si Muhammad (SAS). Tinanong ito ni Haleemah (RA) kung bakit. "Nakita ko pong kinuha si Muhammad ng dalawang lalaking nakasuot ng puting mga kasuutan. Kanila pong pinahiga ito at saka biniyak ang dibdib," sagot ng bata sa ina. At bago natapos ang salaysay ng bata ay tumakbo na si Haleemah (RA) papunta kay Muhammad (SAS). Nakita niya itong nakatayo lamang at walang tinag. Halata ang pamumutla sa mukha nito at ang pagbabago ng kulay. Balisang-balisa si Haleemah (RA) habang tinatanong niya ito kung ano ang nangyari. Sabi naman ni Muhammad (SAS) ay mabuti naman ang kanyang kalagayan. Ikinuwento nito kay Haleemah (RA) na may dalawang lalaking kumuha sa kanya. Aniya ay biniyak ng dalawng ito ang kanyang dibdib, inalis ang kanyang puso, at saka

may inalis dito na isang kulay itim na bagay. Pagkatapos nito ay hinugasan nila ang kanyang puso sa malamig na tubig, ibinalik sa dibdib, at saka pinahiran ang ibabaw ng dibdib. Lumisan ang dalawan at di-naglaon ay naglaho. Tinangka ni Haleemah (RA) na salatin ang pinagbiyakan ngunit wala siyang nasalat na bakas. Dahil sa pangyayaring ito ay ibinalik niya si Muhammad (SAS) sa kanilang tinutuluyan. Pagsapit ng madaling-araw ng sumunod na araw ay dala-dala ni Haleemah (RA) si Muhammad (SAS) papunta sa Makkah. Ipinagtaka ni Aminah ang pagsauli ni Haleemah (RA) sa bata nang wala sa panahon sa kabila ng pagkahumaling nito rito. Tinanong niya rito kung ano ang dahilan. Matapos ang kanyang pagpupumilit ay sinabi na rin ni Haleeemah (RA) ang nangyaring pagbibiyak sa dibdib.

## Ang Pagyao ni Aminah

Nagpunta si Aminah kasama ang anak na ulila sa Yathrib (Ito ang pangalan ng Madinah noon.) upang dalawin ang mga kamag-anakan nitong kaanib sa liping Banu An-Najjar. Nanatili sila roon nang mga ilang araw. Nang si Aminah ay nasa daan na pauwi ay binawian siya ng buhay sa isang lugar na kung tawagin ay Al-Abwa'. Doon na rin siya inilibing. Kaya itong si Muhammad (SAS) sa murang gulang niyang apat na taong gulang ay namamaalam na sa kanyang yumaong ina.

Tungkulin na ngayon ng lolo ni Muhammad (SAS) na si `Abdulmuttalib na punuan ang malaking kawalang dulot



ng pagyao ng ina ng apo nito. Kaya naman inalagaan, kinalinga, at kinahabagan siya ng kanyang lolo. Nang anim na taong gulang na si Muhammad (SAS) ay yumao naman ang kanyang lolo kaya't ang kanyang tiyuhing si Abu Talib – sa kabila ng dami ng mga anak nito at kakulangan nito sa yaman – ang siyang kumalinga sa kanya. Itinuring siya ng kanyang tiyuhin at ng maybahay nito na parang isa sa kanilang mga anak. Labis namang napalapit ang kanyang damdamin sa kanyang tiyuhin. Sa ganitong kalagayan nagsimula ang unang paghubog sa kanya. Lumaki siya sa pagiging matapat at sa pagiging mapagkakatiwalaan anupa't sa dalawang katangiang ito siya nakilala. Kaya't kapag sinasabing "dumating ang mapagkakatiwalaan," alam na si Muhammad (SAS) ang siyang tinutukoy.

Nang siya ay magbinatilyo na at lumaki-laki nang kaunti, sinimulan niyang tangkaing umasa sa kanyang sarili sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa kanyang buhay. Naghanap siya ng kanyang ikabubuhay. Nagsimula na siyang magtrabaho at kumita. Nagtrabaho siya sa mga Quraysh bilang pastol ng kanilang mga tupa kapalit ang ilang halaga ng salapi. Sumali rin siya sa paglalakbay pangkalakalan papuntang Sham. Sa paglalakbay pangkalakalang ito na kanyang nilahukan ay malaki ang puhunang iniambag ng isang marangal at mayamang babae na ang pangalan ay Khadeejah bint Khuwaylid (RA). Ang katiwala nito sa kalakal sa paglalakbay na iyon ay ang alila nitong si Maysarah na siya ring tagapangasiwa ng mga gawain.

Dahil sa biyayang taglay ni Muhammad at katapatan nito ay tumubo ang kalakal ni Khadeejah (RA) ng tubong hindi pa niya kinita noon. Kaya't tinanong niya ang kanyang alila na si Maysarah kung ano ang dahilan ng malaking tubong ito. Ipinagbigay-alam ni Maysarah sa kanya na si Muhammad (SAS) ang siyang bumalikat sa pag-aalok at pagtitinda. Malaki ang ginawang pagtangkilik diton ng mga tao kaya naman malaki ang tinubo nang walang daya. Nakinig si Khadeejah (RA) sa kanyang alila bagaman alam na niya noon pa man ang ilang bagay tungkol kay Muhammad (SAS). Lalong tumindi ang kanyang paghanga rito.

Isa nang balo si Khadeejah (RA) nang kanyang makilala si Muhammad (SAS). Nagkaroon na siya ng asawa noon pa man dangan nga lamang at iyon ay namatay. Ninais niyang pasukin muli ang buhay may asawa sa pakikipag-isang-dibdib kay Muhammad (SAS). Sinugo niya rito ang isa sa mga babaeng kamag-anak niya upang magsiyasat para sa kanya hinggil sa magiging tugon ni Muhammad (SAS) sa balak niyang makipag-isang-dibdib dito. Nang mga panahong iyon ay sinapit na ni Muhammad (SAS) ang gulang na dalawampu't lima. Pinuntahan ito ng isang babae upang ilahad dito ang alok ni Khadeejah (RA) na makipag-isang-dibdidb sa kanya. Tinanggap nito ang alok na ito.

Idinaos ang kasalan. Nalugod ang isa't isa sa kanila. At matapos ang pag-iisang dibdib ay nagsimulang pamahalaan ni Muhammad (SAS) ang mga kapakanan ng kalakal ni



Khadeejah (RA). At pinatunayan naman niya ang kanyang kahusayan at kakayahan. Nagkasunod-sunod ang pagdadalang-tao at ang panganganak ni Khadeejah (RA). Ang kanilang mga naging anak na babae ay sina Zaynab, Ruqayyah, Umm Khulthum, at Fatimah (RA). Ang kanilang mga anak na lalaki na sina Al-Qasim at `Abdullah ay pawang mga batang paslit pa lamang ng mangamatay.

## Ang Pagkapropeta

Nang papalapit na si Muhammad (SAS) sa gulang na apatnapu ay naging madalas ang pag-iisa at pananatili niya sa yungib ng Hira` sa isang bundok na malapit sa Makkah. Ginugugol niya roon ang mga araw at mga gabi. Noong gabi ng ika-21 ng buwan ng Ramadan habang siya ay nasa yungib ng Hira' at nang mga sandaling iyon ay kanya nang sinapit ang gulang na apatnapu, pinuntahan siya ng Anghel na si Jibreel (AS).* "Bumasa ka," ang sabi nito sa kanya. "Hindi ako marunong," tugon naman niya rito. Inulit ni Jibreel (AS) ang kanyang sinabi sa ikalawa at ikatlong pagkakataon. Ngunit sa ikatlong pagkakataon ay sinabi niyang: ***"Bumasa ka sa ngalan ng iyong Panginoon na naglalang, Naglalang sa tao buhat sa namuong dugo. Bumasa ka sapagkat ang iyong Panginoon ay Ang Pinakamapagbigay, Na nagturo sa pamamagitan ng panulat, Nagturo sa tao ng hindi nito nalaman."*** At

*AS: Alayhis Salam (Sumakanya ang Kapayapaan). Ito ang sinasabi tuwing matapos banggitin ang pangalan o titulo ng isang propeta bukod pa Propeta Muhammad (SAS) ng isang Anghel.

pagkatapos nito ay iniwan na ng Anghel si Muhammad (SAS).

Matapos na matanggap ng Propeta (SAS) ang kauna-unahang pahayag ay kaagad siyang lumisan. Hindi na niya matiis na manatili pa sa yungib ng Hira' kaya't umuwi na siya sa kanilang tahanan. Kumakabog ang kanyang dibdib nang siya ay pumasok sa kinaroroonan ni Khadeejah (RA). "Balutin ninyo ako. Balutin ninyo ako," sabi niya. Binalutan naman siya upang maalis ang sindak sa kanya. Isinalaysay niya kay Khadeejah (RA) ang nangyari sa kanya. "Natakot ako para sa aking sarili," sabi pa niya. Kaya't ang sabi sa kanya ni Khadeejah (RA): "Aba'y huwag, sa halip ay magalak ka. Sumpa man kay Allah, hinding-hindi ka bibigyan ni Allah ngkahihiyan. Pinakikitunguhan mo nang maigi ang iyong kamag-anak, makatotohanan ka sa iyong pananalita, tumutulong ka sa naghihikahos, magiliw ka sa panauhin, at umaagapay ka sa dinapuan ng kasawiang-palad."

Pagkalipas ng ilang araw ay nagbalik muli siya sa yungib ng Hira' upang ipagpatuloy ang kanyang pagsamba roon at upang tapusin roon ang mga natitirang araw ng Ramadan. Nang natapos ang buwan ng Ramadan ay nanaog siya buhat sa yungib upang bumalik sa Makkah. Nang siya ay nasa daan na, pinuntahan siya ni Jibreel (AS) na nakaupo sa isang upuang nasa pagitan ng langit at lupa. Matapos ang pangyayaring ito ay ibinaba ang ayah ng Qur'an na nagsasabing: ***"O ikaw na nagbalot ng sarili, bumangon ka at magbabala. At dakilain mo ang iyong***



***Panginoon. At linisin mo ang iyong kasuutan. At layuan mo ang mga kasalanan."*** (74:1-5) At pagkatapos nito ay nagpatuloy at nagkasunod-sunod na ang pagdating ng kapahayagan.

Nang sinimulan ng Propeta (SAS) ang kanyang pag-anyaya sa mga tao sa Islam, tinugon ng kanyang butihing maybahay ang panawagan ng pananampalataya. Sinaksihan ni Khadeejah (RA) ang kaisahan ni Allah at ang pagiging propeta ng kanyang marangal na asawa. Si Khadeejah (RA) ang kauna-unahang yumakap sa Islam. Bilang pagtanaw ng Propeta ng utang na loob sa kanyang tiyuhing si Abu Talib na siyang tumangkilik at nangalaga sa kanya noong wala na ang kanyang ina at lolo ay pinili niya si `Alee (RA) sa mga anak nito upang alagaan sa kanyang piling at gugulan sa mga pangangailangan nito. Sa ganitong kalagayan binuksan ni `Alee (RA) ang kanyang puso at ang kanyang pag-iisip kaya naman sumampalataya at naniwala siya nang walang pagdadalawang-isip. Pagkatapos niyon ay sumunod naman sa pagpasok sa Islam itong si Zayd bin Al-Harithah (RA) na alila ni Khadeejah (RA). Kinausap ng Sugo ni Allah ang kanyang matalik na kaibigan na si Abu Bakr (RA) at ito naman ay sumampalataya at naniwala nang walang pag-aalinlangan.

Nanatiling lihim ang pagpapalaganap ng Islam sa simula. Ang ibig sabihin ng lihim ay ang pagiging lihim ng pook na pinagtitipanan ng mga kasamahan at tagasunod ng Propeta at ng mga taong kanilang inaanyayahan na bandang huli'y yumakap din sa Islam. Marami ang

naniwala sa kanya ngunit inilihim nila ang kanilang pagpasok sa Islam. Kapag natuklasan ang pagpasok sa Islam ng isa sa kanila, ang isang ito ay mapasasailalim sa napakahirap na uri ng pahirap upang nang sa gayon ito ay tumalikod sa Islam.

Matapos na gumugol ang Sugo ni Allah (SAS) ng tatlong taon sa paisa-isang pag-aanyaya sa Islam ay ibinaba ni Allah ang talata na ito ng Qur'an: ***"Kaya't lantarang mong ipahayag ang ipinag-uutos sa iyo at pabayaan mo ang panlalait ng mga Mushrik."*** (15:94) Dahil sa kapahayagang ito, isang araw ay umakyat siya sa burol ng Safa at tinawag ang mga Quraysh (ang mga taga-Makkkah). Pinagtipunan siya ng maraming tao at kabilang na sa mga iyon ang kanyang tiyuhing si Abu Lahab na may napakalaking pagkamuhi kay Allah at sa kanya na Sugo ni Allah (SAS). Nang pinagtipunan na ng mga tao si Muhammad ay nagsalita siya. "Sa tingin ba ninyo kung sakaling ipagbigay-alam ko sa inyo na sa likod ng bundok na iyon ay may mga kalaban na nakahandang sumalakay sa inyo, paniniwalaan ba ninyo ako?," sabi niya. "Wala kaming nalaman sa iyo kundi ang makatotohanang salita at katapatan," sagot nila. Kaya't ang sabi niya sa kanila: "Ako, sa inyo, ay isang tagapagbabala ng napipintong matinding parusa." At nagpatuloy ang Sugo ni Allah (SAS) sa pag-aanyaya sa kanila sa wagas na pagsamba kay Allah at sa pagwaksi sa mga diyos-diyusan. Habang siya ay nagsasalita ay tumayo sa gitna ng mga tao si Abu Lahab na nagpapagpag ng mga kamay nito at sinabing:



"Sumaiyo ang kasawian; ito ba ang dahilan ng pagtawag mo sa amin?" Kaya dahil sa pangyayaring ito ay ibinaba ni Allah ang surah na: ***"Masawi na ang dalawang kamay ni Abu Lahab at masawi na rin siya! Walang magagawa para sa kanya ang kanyang kayamanan at ang kanyang natamo (anak). Ipapasok siya sa Apoy na nagliliyab. At (gayon din ang gagawin sa) asawa niya, ang tagapasan ng kahoy. (Lalagyan ito) sa leeg ng lubid na yari sa masad.*"***

Nagpatuloy ang Propeta (SAS) sa ginagawa niyang pag-aanyaya sa Islam. Nagsimula siyang ipahayag ang Islam sa mga pinagtitipunan ng mga tao kasabay ng pag-aanyaya sa kanila sa Islam. Hayagan na siyang nagdarasal sa Ka`bah. Sa pangyayaring ito ay lalo pang pinag-ibayo ng mga Quraysh ang kanilang paminsala sa mga Muslim lalong-lalo na sa mga Muslim na aliping tulad nina Yasir, Sumayyah, at kanilang anak na si Ammar (RA). Namatay sina Sumayyah at Yasir (RA) na alay ang buhay sa Islam. Itong si Sumayyah na ina ni Yasir (RA) ang kauna-unahang nagbuwis ng buhay alang-lang sa Islam. Namatay sila dahil sa mga pahirap na kanilang dinanas. Dumanas din ng pahirap si Bilal bin Rabah (RA) na taga-Ethiopia sa kamay naman ni Abu Jahl at Umayyah bin Khalaf. Pumasok sa Islam si Bilal bin Rabah (RA) sa pamamagitan ni Abu Bakr (RA). Nang malaman ng kanyang panginoong si Umayyah bin Khalaf na siya ay pumasok sa Islam ay

*Ang literal na kahulugan ng *masad* ay hiblang buhat sa tangkay ng datiles ngunit ang kahulugan nito rito ay hiblang buhat sa apoy ng Impiyerno.

ginamit nito sa kanya ang halos lahat ng pamamaraan ng pagpapahirap nang sa gayon ay talikuran niya ang Islam. Subalit tumanggi siya at nanatili sa kanyang paniniwala. Madalas siyang dalhin ni Umayyah sa labas ng Makkah. Pinahihiga siya sa nakapapasong buhangin ng disyerto habang siya ay natatalian ng tanikala at may isang tipak na malaking bato na nakapatong sa kanyang dibdib. Hinahagupit ng latigo ni Umayyah at ng mga kasama niito si Bilal (RA) na paulit-ulit na nagsasabing "*ahad, ahad*" na ang ibig sabihin ay isa, isa ang Diyos. Ganito ng ganito ang nangyayari hanggang sa malaman ni Abu Bakr (RA) na si Bilal ay nasa gayong kalagayan. Kaya naman binili niya kay Umayyah itong si Bilal (RA) at pinalaya alang-alang kay Allah. Dahil sa mga paniniil sa mga Muslim, makatuwiran lamang na pigilan ng Sugo ni Allah (SAS) ang mga Muslin na harapang ipahayag ang kanilang pagpasok sa Islam yamang siya naman ay nakikipagkita nang lihim sa kanila. Kung nagkataong siya ay hayagang nakikipagkita sa kanila, walang dudang ang mga Quraysh ay magsisilbing hadlang sa kanyang pagtuturo at pagpapatnubay sa mga Muslim. At maaaring mauwi pa iyon sa kumprontasyon ng magkabilang panig. At malamang na ang kumprontasyon ay mauwi sa pagkadurog at pagkaubos ng mga Muslim. Kaya't makatuwiran ang paglilihim. Sa kabilang dako, ang Sugo ni Allah naman ay hayagan sa kanyang pag-aanyaya sa Islam at sa pagsamba sa gitna ng mga pagano sa kabila ng mga pananakit na kanyang natatamo buhat sa mga Quraysh.



## Ang Paglikas sa Ethiopia

Sa harap ng patuloy na ginagawang pagpapahirap ng mga paganong Quraysh sa sinumang matuklasang pumasok sa Islam lalo na ang mga mahihina sa kanila, hiniling ng Sugo (SAS) sa kanyang mga kasamahan na alang-alang sa kanilang pananampalataya ay lumikas sila sa Ethiopia na pinamumunuan ng Najashi (Ito ang tawag noon sa mga hari ng Ethiopia) sapagkat matatagpuan nila roon ang kapanatagan lalo pa't ang marami sa mga Muslim ay natatakot na sila at ang kanilang pamilya ay gawan ng masama ng mga Quraysh. Naganap ito noong ikalimang taon ng pagkapropeta ni Muhammad (SAS). Pitumpung Muslim ang lumikas. Kabilang sa kanila si Uthman bin `Affan (RA) at ang kanyang maybahay na si Ruqayyah (RA) na anak ng Sugo (SAS). Tinangka ng mga Quraysh na siraan ang mga Muslim na pumunta sa Ethiopia. Nagpadala sila ng mga regalo kay Najashi at hiniling dito na ibigay sa kanila ang mga nagsilikas na iyon. Sinabi pa nilang nilalait diumano ng mga Muslim si Jesus (AS) at ang ina nito. Ngunit nang itinanong ni Najashi sa mga Muslim ang tungkol doon ay nilinaw ng mga Muslim sa kanya ang sinasabi ng Islam tungkol kay Jesus (AS) at nilinaw nila sa kanya ang katotohanan. Pinangalagaan niya ang mga Muslim at tumangging ibigay sila sa mga Quraysh.

Nang buwan ng Ramadan ng taon ding iyon ay pumunta ang Sugo (SAS) sa malapit sa Ka`bah na nang

mga sandaling iyon ay may malaking pagtitipon ng mga Quraysh. Walang anu-ano'y bigla niyang binigkas ang Suratun Najam. Ang mga di-mananampalatayang ito ay hindi pa nakarinig ng salita ni Allah dahil na rin sa patuloy nilang pagpapayo sa isa't isa na huwag makinig sa anumang sinasabi ng Propeta (SAS). Kaya't nang sila ay binigla ng pagbigkas ng Surah na ito at kumatok sa kanilang mga tainga ang nakahahalinang makadiyos na mga salitang iyon, ang bawat isa ay nanatiling matamang nakikinig doon. Walang anumang saumasagi sa kanilang isipan maliban sa pakikinig hanggang sa bigkasin ng Sugo (SAS) ang ***"Kaya't magpatirapa kayo kay Allah at sumamaba (sa Kanya)"***. Wala sa kanilang nakapagpigil sa kanilang sarili anupa't sumubsob silang nakapatirapa. Sa pangyayaring ito ay nagkasunod-sunod tuloy ang paninisisi sa kanila ng mga Quraysh na hindi nakasaksi sa pangyayaring iyon. Dahil doon ay pinaratangan nila ng kasinungalingan ang Sugo (SAS). Sinabi pa nilang pinuri diumano ng Sugo (SAS) ang kanilang mga diyos-diyusan at sinabi raw niya na kailangang hangarin ang pamamagitan ng mga ng mga diyos-diyusang ito. Ginawa nila ang malaking kasinungalingang ito upang magkaroon sila ng ipandadahilan kung bakit sila nagpatirapa.

## Ang Pagyakap ni `Umar (RA) sa Islam

Ang pagyakap ni `Umar ibnul-Khattab (RA) sa Islam ay isang malaking tulong sa mga Muslim. Tinawag siyang Al-Farooq ng Sugo (SAS) sapagkat nilinaw sa kanya ni Allah ang pinagkaiba ng katotohanan sa kabulaanan. Ilang araw pa lamang matapos na pumasok sa Islam si `Umar (RA) ay sinabi niya sa Sugo ni Allah (SAS): "O Sugo ni Allah, hindi ba't tayo ang nasa katotohanan?" "Oo," tugon naman nito. "Kung gayon, bakit pa tayo nagtatago at hindi lumalantad?," tanong ni `Umar (RA). Dahil dito ay lumabas ang Sugo ni Allah (SAS) kasabay ng mga Muslim na kasama niya sa bahay ni Al-Arqam (RA) – ang bahay na kanilang pinagtitipanan. Lumabas sila at bumuo ng dalawang pangkat na pinamumunuan ni Hamzah bin `Abdulmuttalib (RA) na tiyuhin ng Sugo (SAS) ang isang pangkat at ang isa naman ay pinamumunuan ni `Umar bin Al-Khattab (RA). Pumunta sila sa mga lansangan ng Makkah sa kilos na nagbibigay-alam sa lakas ng pagsulong ng paglaganap ng Islam.



Ginawa na ng mga Quraysh ang maraming pamamaraan para kalabanin ang pagpapalaganap ng Islam. Nagpahirap na sila, naniil, nanlinlang, at nanghikayat. Ngunit ang lahat ng iyon ay walang naging bunga kundi ang ibayong pananalig sa Islam at ang pagdami ng mga mananampalataya. Dahil dito'y napagkaisahan nilang magsulat ng isang kasulatang lalagdaan nilang lahat at isasabit sa loob ng Ka`bah. Ang kasulatang ito ay naglalaman ng kanilang boykoteo sa mga Muslim at sa angkan ni Hashim, ang angkan ng Propeta (SAS). Ang boykoteo na ito ay malawakan: hindi sila pagbibilhan, hindi bibilhan, hindi makikipag-asawahan sa kanila, hindi makikipagtulungan, at hindi sila pakikitunguhan. Sa

pangyayaring ito ay napilitan tuloy ang mga Muslim na umalis sa Makkah at magpunta sa isang lambak na tinatawag na Shi`b Abi Talib (Lambak ni Abu Talib). Dumanas doon ng matinding pasakit ang mga Muslim at lumasap ng gutom at iba't ibang uri ng kapighatian. Ibinigay ng mga may kaya sa kanila ang lahat ng kanilang ari-arian. Lahat ng ari-arian ni Khadeejah (RA) ay naubos na. Lumaganap sa kanila ang mga sakit at ang karamihan sa kanila ay nasa bingit na ng kamatayan. Subalit nagpakatatag sila, nagtiis, at walang isa mang tumalikod sa kanila sa Islam. Nagtagal ang paninikis na ito sa loob ng tatlong taon. Ngunit pagkalipas ng tatlong taon, ang nilalaman ng kasulatan ay pinawalang-bisa ng ilang mahahalagang tao sa mga Quraysh na kamag-anak ng ilang kasapi ng angkan ni Hashim. Ipinahayag nila iyon sa pamunuan ng mga Quraysh. Nang inilabas nila ang kasulatan ay napag-alaman nilang ito ay kinain na ng anay at walang natira rito kundi ang maliit na bahaging kinasusulatan ng "Sa ngalan Mo Allah." Naglaho na ang krisis. Nagbalik na ang mga Muslim at ang angkan ni Hashim sa Makkah ngunit nanatili pa rin ang mga Quraysh sa kanilang matigas na saloobin sa pagsalungat sa mga Muslim.

## Taon ng Dalamhati

Kumakalat na ang malalang karamdaman ni Abu Talib sa kanyang buong katawan at nananatili siyang nakaratay sa higaan. Hindi naglaon ay heto na siya at dumaranas ng



matinding hirap na dulot ng paghihingalo samantalang ang Sugo ni Allah (SAS) ay nasa kanyang uluhan at nagsusumamo sa kanyang sabihin ang *La Ilaha Illallah** bago man lamang siya mamatay. Subalit ang mga masama niyang kaibigan na dati niyang mga kasama na pinangungunahan ni Abu Jahl ay ang mga pumipigil sa kanya. "Huwag mong talikuran ang paniniwala ng iyong mga ninuno," sabi nila sa kanya. Dahil doon ay namatay siya sa *shirk*.** Kaya naman ibayong dalamhati ang nadama ng Sugo (SAS) dahil sa pagyao ni Abu Talib at sa hindi nito pagyakap sa Islam. Pagkalipas ng kulang-kulang dalawang buwan mula ng yumao si Abu Talib ay yumao kanyang maybahay na si Khadeejah (RA).

## Ang Pagpunta sa Ta'if

Nagpatuloy ang mga Quraysh sa kanilang panunupil, pagmamalabis, at paniminsala sa mga Muslim. Nawalan na ng pag-asa ang Sugo ni Allah (SAS) na bubuti pa ang saloobin ng mga Quraysh kaya't napag-isip niyang naman ang kanyang butihing maybahay na si Khadeejah (RA). Kaya gayon na lamang ang tindi ng lungkot ng Sugo (SAS). Tumindi pang lalo ang dinanas na pagsubok ng Sugo ni Allah (SAS) sa kamay ng kanyang mga kalipi buhat ng yumao ang kanyang tiyuhing si Abu Talib at ang

---

* Naligtas sana si Abu Talib kung nabigkas at tinanggap niya nang buong puso ang kahulugan nitong "Walang ibang tunay na Diyos kundi si Allah."

** Ang *shirk* ay ang pagtatambal kay Allah ng iba pang diyos o ang pagsamba o pagkilala sa ibang diyos bukod pa sa Kanya.

pumunta sa Ta'if sa paghahangad na harinawa'y patnubayan ni Allah sa Islam ang mga naninirahan sa bayang iyon. Ang paglalakbay patungong Ta'if ay hindi isang madaling bagay sanhi ng mahirap na daan dahil na rin sa mga nagtataasang bundok na nakapaligid sa bayang ito. Totoo ngang ang bawat mahirap ay nagiging madali alang-alang kay Allah subalit ang mga naninirahan sa Ta'if ay walang itinugon sa kanya kundi ang pinakamasagwang tugon. Sukat ba namang inudyukan nila ang mga batang paslit na hagisan ng bato ang Sugo (SAS) hanggang sa siya ay magkasugat-sugat at tumulo ang dugo sa kanyang bukung-bukong. Dahil dito'y malungkot at namimighati niyang tinunton pabalik sa Makkah ang kanyang dinaanan. Walang anu-ano'y pinuntahan siya ni Jibreel kasama ang Anghel ng mga kabundukan. Tinawag siya ni Jibreel (AS) at sinabing: "Ipinadala sa iyo ni Allah ang Anghel ng mga kabundukan upang ipag-utos mo rito ang ano mang naisin mo." Ang sabi naman ng Anghel ng mga kabundukan: "Muhammad kung nais mo'y iipitin ko sila ng Al-Akhshaban." Ang Al-Akhshaban ay ang dalawang bundok na nakapalibot sa Makkah. "Datapuwa't ang hangad ko'y magpaluwal si Allah buhat sa kanila ng mga salinlahing ang sasambahin ay si Allah lamang at hindi magtatambal ng anuman sa Kanya," tugon ng Sugo (SAS) sa Anghel.
Ang isa sa mga ipinagdidiinan ng mga *Mushrik** sa Sugo ni

*Ang *Mushrik* ay ang taong gumagawa ng *shirk* o sumasamba sa ibang diyos bukod pa kay Allah.



Allah (SAS) ay ang kanilang kahilingan sa kanya na magbigay ng mga himala. Ang layunin ng kanilang paghingi ng mga himala ay ang pabulaanan ang kanyang pagkapropeta dahil ang buong akala nila ay hindi makapagbibigay ng himala ang Sugo (SAS). Naulit nang maraming beses ang kahilingang iyon buhat sa kanila. Minsan ay hiniling nila sa kanya na biyakin sa dalawang bahagi ang buwan. Hiniling naman ng Propeta sa kanyang Panginoon ang gayon. Kaya naman nakita nilang ang buwan ay nahati sa dalawang bahagi. Matagal-tagal din namang nakita ng mga Quraysh ang himalang ito subalit hindi pa rin sila sumampalataya. Sa halip ay kanilang sinabi: "Isinailalim tayo ni Muhammad sa kanyang kapangyarihan." "Kung naipasailalim niya kayo sa kanyang kapangyarihan, hindi niya kayang maipasailalim sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng mga tao kaya't hintayin ninyo ang mga manlalakbay," sabi ng ilan sa kanila. Pagdating ng mga manlalakbay ay tinanong nila ang mga ito. "Oo. Nakita namin iyon," sabi naman ng mga ito. Ngunit sa kabila niyon ay nagmatigas pa rin ang mga Quraysh sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Itong pagbiyak ng buwan ay para bagang isang paunang himala sa himalang mas malaki pa rito. Ang malaking himala ay ang *Al-Isra' wa Al-Mi`raj*.

### Al-Isra' wa Al-Mi`raj

Ang *Al-Isra' wa Al-Mi`raj* ay ang Paglalakbay sa Gabi at ang Pag-akyat sa Langit ng Sugo (SAS). Matapos na makabalik si Muhammad (SAS) buhat sa Ta'if, matapos

ang mga pangyayaring naganap sa kanya sa bayang iyon, matapos na yumao si Khadeejah (RA) kasunod ng pagyao ni Abu Talib, matapos na nag-ibayo ang pamiminsala ng mga Quraysh, at matapos na napuno na ng dalamhati ang puso ng Sugo (SAS); kailangan namang maalo ang marangal na Propetang ito. Kaya noong ika-27 ng buwan ng Rajab ng taong ding iyon samantalang natutulog ang Sugo ni Allah (SAS) ay pinuntahan siya ni Anghel Jibreel (AS) dala ang Buraq na isang hayop na kahawig ng kabayo. Ang hayop na ito ay may mga pakpak at mabilis lumipad na animo'y kidlat. Pinasakay rito ni Jibreel (AS) ang Sugo (SAS) at dinala siya nito sa Bahay Sambahan sa Jerusalem sa Palestina. Mula roon ay iniakyat ang Sugo sa langit at nakita niya roon sa langit ang dakilang mga tanda ng kanyang Panginoon. Sa langit iniatas ni Allah ang tungkuling magdasal nang limang beses isang-araw. Pagkatapos niyon ay bumalik siya sa Makkah nang gabi ring iyon. Kinaumagahan ay pumunta siya sa Ka`bah at nagsimulang isalaysay sa mga taong naroroon ang nangyari. Lalo pang tumindi ang pagpapabula sa kanya ng mga di-mananampalataya at ang panunuya nila sa kanya. May ilan pang naroroon ang humiling sa kanyang ilarawan sa kanila ang Bahay Sambahan sa Jerusalem. Ang layunin ng hiling nilang ito sa Sugo (SAS) ay upang pabulaanan ang kanyang pagkapropeta sa pag-akala nilang gumagawa lamang siya ng kuwento. Sinimula niyang ilarawan ito nang masusi sa kanila. Ngunit ang mga pagtatanong na ito ay hindi pa



sapat sa mga Quraysh. Sabi pa nila: "Nais naming may iba pang patunay." Kaya't ang Sabi ng Sugo (SAS): "May nasalubong ako sa daan na isang karaban na patungong Makkah." Inilarawan niya iyon sa kanila at sinabi sa kanila kung ilan ang bilang ng mga kamelyo sa karaban na iyon at kung ano ang oras ng kanilang pagdating. Nagsasabi ng totoo ang Sugo ni Allah (SAS) ngunit itong mga di-sumasampalataya ay tuluyan nang naligaw sa katotohanan sanhi ng kanilang kawalan ng pananampalataya, kanilang katigasan ng ulo, at kawalang ng paniniwala. Kinaumagahan ng gabi ng *Al-Isra' wa Al-Mi`raj* ay pinuntahan ni Jibreel (AS) ang Sugo (SAS). Tinuruan niya ito kung papaanong isinasagawa ang limang pang-araw-araw na pagdarasal at kung kailan ang mga takdang oras ng mga ito. Noong bago pa naganap ang *Al-Isra' wa Al-Mi`raj*, ang dasal ay binubuo ng dalawang *rak'ah* (pagyukod) lamang sa umaga at dalawang *rak'ah* din sa gabi.

Sa panahong ito, ang pinagtuunan ng pansin ng Sugo (SAS) ay ang mga nagsisidatingan sa Makkah matapos na lalong lumaki ang pagtanggi ng mga Quraysh sa katotohanan. Nakikipagkita siya sa mga taong ito sa kanilang mga tinitigilan at sa mga pook na kanilang tinutuluyan. Inaalok niya silang yumakap sa Islam at ipinaliliwanag niya ang katuruan nito. Ang tiyuhin naman niyang si Abu Lahab ay panay ang sunod sa kanya upang bigyang-babala ang mga tao laban sa kanya at laban sa kanyang ipinangangaral. Minsan ay pumunta siya sa isang

pangkat ng mga taong taga-Yathrib at inanyayahan niya sila sa Islam. Nakinig sila sa kanya at pagkatapos ay nagkaisa silang sumunod sa kanya at maniwala sa kanya. Nakaririnig na noon pa man ang mga taga-Yathrib na ito buhat sa mga Hudyo na may isang propetang isusugo at ang pagdating nito ay nalalapit na. Kaya noong sila ay anyayahan ni Propeta Muhammad (SAS), nakilala kaagad nila na siya ang propetang tinutukoy ng mga Hudyo kaya naman dali-dali silang pumasok sa Islam. Ang sabi nila sa isa't isa: "Huwag ninyong hayaang kayo ay mauunahan ng mga Hudyo sa pagpasok sa Islam." Anim lamang sila ng taong iyon ngunit nang sumunod na taon ay may labindalawang kalalakihang dumating at nakipagkita sa Sugo (SAS). Itinuro niya sa kanila ang Islam. Pagbalik ng mga ito sa Yathrib ay pinasama ng Propeta (SAS) sa kanila si Mus`ab bin `Umayr (RA) upang magturo sa kanila ng Qur'an at upang linawin sa kanila ang mga patakaran ng Islam. Nagawang maimpluwensiyahan ni Mus`ab (RA) ang lipunan ng Yathrib. Kaya't nang si Mus`ab (RA) ay magbalik sa Makkah pagkalipas ng isang taon, may kasama na siyang 72 lalaki at dalawang babae buhat sa mga mamayan ng Yathrib. Nakipagkita sa kanila ang Sugo (SAS) at nangako naman silang itataguyod ang Islam at isasagawa ang mga kautusan nito. Pagkatapos nito'y nagbalik sila sa Yathrib.

Ang Yathrib ay naging isang ligtas na kanlungan ng katotohanan at ng mga tagapagtaguyod nito. At nagsimula na ang paglikas doon ng mga Muslim. Subalit matatag ang



pasya ng mga Quraysh na pigilan ang mga Muslim sa paglikas. Kaya dumanas na naman ang ilang mga Muhajir* ng sari-saring pasakit at pahirap. Sa takot sa mga Quraysh, palihim na lumikas ang mga Muslim. Ang paglikas ni `Umar bin Al-Khattab (RA) ay isang halimbawa ng katapangan at paghahamon sapagkat isinukbit niya ang kanyang espada at binitbit ang kanyang pana nang siya ay pumunta sa Ka`bah at magsagawa ng *tawaf* sa palibot nito. Pagkatapos nito ay nilapitan niya ang mga Mushrik at sinabi sa kanilang: "Ang sinumang nagnanais na gawing balo ang kanyang maybahay at gawing ulila ang kanyang anak ay sumunod sa akin sapagkat ako ay lilikas." Pagkatapos nito ay lumisan siyang wala ni isa mang humarang sa kanya. Si Abu Bakr As-Siddeeq (RA) naman ay nagpaalam sa Sugo ni Allah (SAS) para lumikas na rin ngunit ang sabi sa kanya ng Sugo (SAS): "Huwag kang magmadali nang harinawa'y magtalaga si Allah para sa iyo ng isang kasama." Nang nagsilikas na ang karamihan sa mga Muslim at naging balisa na ang mga Quraysh sa nakikita nilang paglikas, nagsanggunian sila at napagkasunduang paslangin ang Sugo (SAS). Ang sabi ni Abu Jahl: "Sa tingin ko'y mabuting kumuha tayo ng isang matipunong binata sa bawat angkan natin at atin silang bibigyan ng espada. Palilibutan nila si Muhammad at tatagain ito ng sabay-sabay nang sa gayon ang pananagutan sa kanyang buhay ay mahahati sa iba't ibang

* Ito ang tawag sa mga Muslim na buhat sa Makkah at lumikas sa Yathrib na di-naglaon ay tinawag na Madinah.

mga angkan. Kapag nagkagayon ay mawawalan na nang lakas ang angkan ni Hashim (ang angkan ni Muhammad (SAS)) na kalabanin ang lahat ng tao." Subalit ipinabatid na ni Allah sa Kanyang marangal na Propeta (SAS) ang sabwatang iyon. Kaya't nang nagbigay na si Allah ng kapahintulutang lumikas ay napagkasunduan ng Sugo (SAS) at ni Abu Bakr (RA) na lumikas na. Kinagabihan ay hiniling ng Propeta kay `Alee bin Abi Talib (RA) na matulog sa kanyang higaan upang akalain ng mga tao na siya ay nasa bahay pa rin. Sinabi rin niya kay `Alee (RA) na walang masamang mangyayari sa kanya. Pagdating ng mga nakipagsabwatan ay pinalibutan nila ang bahay at nakita nila si `Alee (RA) sa higaan kaya't ang buo nilang akala ay si Muhammad (SAS) iyon. Nagsimula silang maghintay upang kapag ito ay lumabas, susugurin nila ito at papatayin. Lumabas ang Sugo (SAS) samantalang sila ay nakapaligid sa bahay. Wala silang kamalay-malay nang sinasabuyan niya ng alikabok ang kanilang mga ulo sapagkat inalis ni Allah ang kanilang paningin kaya hindi nila siya namalayan. Pinutahana niya si Abu Bakr (RA) at pagkatapos ay naglakad silang dalawa ng mga limang milya at nagkubli sa yungib ng Thawr. Sa kabilang dako ang mga kabinataan ng mga Quraysh ay naghihintay pa rin hanggang sa mag-umaga. Kinaumagahan ay si `Alee (RA) ang bumangon sa higaan ng Sugo (SAS). Gayon na lamang ang kanilang pagkamangha at galit. Tinanong nila si `Alee (RA) tungkol sa Sugo ni Allah (SAS) ngunit wala siyang ipinaalam sa kanila. Binugbog nila ito at kinaladkad ngunit



wala rin silang nalaman. Dahil dito'y nagpadala ang mga Quraysh ng mga manunugis sa lahat ng dako at nagtakda sila ng gantimpalang isandaang inahing kamelyo sa sinumang makapagdadala kay Muhammad dalawa. Tumindi ang pag-aalala ni Abu Bakr (RA) sa Sugo ni (SAS) – buhay man o patay. Nakarating ang mga manunugis hanggang sa bukana ng yungib na anupa't kung sakaling ang isa sa kanila ay tumingin sa paa nito, tiyak na makikita nito ang sugo ng Allah (SAS) kaya`t ang sabi nito sa kanya: Abu Bakr, ano ang palagay mo sa dalawang ang ikatlo ay si Allah. Huwag kang mag-alala, si Allah ay kasama natin. Hindi sila nakita ng mga naghahanap sa kanila.

Tatlong araw silang namalagi sa yungib bago sila lumisan patungong Yathrib. Mahaba ang daang kanilang nilakbay at ang init ng araw ay nakapapaso. Kinagabihan ng ikalawang araw ng kanilang paglalakbay ay naparaan sila sa isang kubol. Nakita nila roon ang isang babaeng kung tawagin ay Umm Ma`bad. Humiling silang dalawa rito ng makakain at maiinom ngunit wala silang natagpuan dito kundi isang payat na inahing tupa na sa kahinaan ay hindi makaalis para manginain. Hindi rin ito nilalabasan ng kahit isang patak na gatas. Nilapitan ng Sugo (SAS) ang tupa, hinipo ang suso nito, at saka ginatasan. Napuno ang malaking lalagyan kaya't habang nakatayong walang tinag ay takang-taka si Umm Ma`bad sa kanyang nasaksihan. Uminom ang lahat hanggang sa mabusog. Pagkatapos ay muling ginatasan ng Propeta (SAS) ang tupa at muling

napuno ang lalagyan. Iniwan nila ito kay Umm Ma`bad at nagpatuloy sila sa paglalakbay.
Matagal-tagal na ring inaabangan ng mga mamamayan ng Yathrib ang pagdating ng Propeta (SAS). Araw-araw ay naghihintay sila sa labas ng Yathrib. Sa araw ng kanyang pagdating ay masaya siyang sinalubong ng mga tao. Tumuloy siya sa Quba' (isang lugar na malapit sa Yathrib) at apat na araw na tumigil doon. Sa pagtigil niya roon ay itinayo niya ang panulukan ng Masjid ng Quba'. Sa ikalimang araw ay lumisan siya patungong Yathrib. Tinangka ng marami sa mga Ansari* na anyayahan ang Sugo (SAS) na sa kanila manuluyan at maparangalan sa pagtanggap sa kanya bilang panauhin. Hinawakan nila ang renda ng kanyang inahing kamelyo. Panay naman ang pasasalamat ng Sugo (SAS) sa kanila at nagsasabing: "Hayaan ninyo siya (ang kamelyo) sapagkat may nag-uutos sa kanya." Nang makarating na ang kanyang kamelyo sa lugar na di-naglaon ay pinagtirikan ng Al-Masjid An-Nabawee (Masjid ng Propeta) ay lumuhod ito.
Ngunit hindi kaagad bumaba ang Sugo (SAS) hangga't hindi ito tumayo at lumakad nang kaunti at saka lumingon at bumalik. Nang muli itong lumuhod sa dati nitong pinagluhuran ay saka pa lamang siya bumaba buhat dito.

Sa Yathrib ay tumuloy ang Sugo (SAS) kay Abu Ayyoob Al-Ansari (RA). Si `Alee bin Abi Talib naman ay nanatili pa nang tatlong araw sa Makkah matapos na

* Ito ang tawag sa Muslim na taga-Yathrib o Madinah.



umalis ang Sugo (SAS). Pagkaraan ng tatlong araw ay lumisan siya papuntang Madinah. Kanyang naabutan ang Sugo (SAS) sa Quba'. Matapos na mabili ng Sugo (SAS) sa may-ari ng lupa ang lupang niluhuran ng kanyang kamelyo ay ipinatayo niya roon ang kanyang Masjid. Ginawa niyang mga magkakapatid ang mga Muhajir at ang mga Ansari. Ang kanilang pagkakapatiran ay ganito: gagawing kapatid ng bawat Ansari ang isang Muhajir na makikibahagi sa kanya sa kanyang pag-aari. Nagsimulang gumawa nang sama-sama ang mga Muhajir at ang mga Ansari. Kaya naman lalong pang tumibay ang bigkis ng kanilang pagkakapatiran.

## Ang Labanan sa Badr

Ang mga Quraysh ay may ugnayan sa mga Hudyo ng Yathrib. Ang mga Hudyong ito ay nagtangka sa simula pa man na maghasik ng kaguluhan at pagkahati-hati sa mga Muslim sa Madinah. Ang mga Quraysh naman ay nananakot sa mga Muslim at nagbabantang sila ay lilipulin. Ganito pinaliligiran ng panganib ang mga Muslim -- sa loob at sa labas. Dumating pa ang puntong hindi nagpapagabi ang mga Sahabah* nang walang dalang sandata. Sa ganitong mapanganib na mga kalagayan ibinaba ni Allah ang kapahintulutang makipaglaban. Kaya't nagsimula ang Sugo (SAS) na magpadala ng mga tao upang subaybayan ang mga pagkilos ng kaaway.

* Ito ang tawag sa mga taong nakita nang personal ang sugo (SAS), naniwala sa kanya, at namatay na Muslim.

Nagpadala rin siya ng mga taong haharang sa mga karaban ng kalakal ng mga Quraysh upang gipitin sila at ipadama sa kanila ang panganib nang sa gayon ay gumawa sila ng kasunduang pangkapayapaan sa mga Muslim at hayaan ang mga Muslim na malayang ipalaganap ang

Islam at ipamuhay ito. Gumawa rin ang Sugo (SAS) ng ilang pakikipagkasunduan at pakikipag-alyansa sa ilang mga lipi. Muli siyang nagpasyang harangin ang isa sa mga karaban ng mga kalakal ng Quraysh. Humayo siya at ang 313 kalalakihan. Mayroon lamang silang dalawang kabayo at 70 kamelyo. Ang karaban ng mga Quraysh ay binubuo ng 1,000 kamelyo at pinamumunuan ni Abu Sufyan na may kasamang 40 kalalakihan. Subalit napag-alaman ni Abu Sufyan ang pagsugod ng mga Muslim kaya nagpadala siya ng tao sa Makkah upang ipagbigay-alam sa kanila ang hinggil dito at upang humingi sa kanila ng ayuda. Binago ni Abu Sufyan (RA) ang kanyang daan. Pumunta siya sa ibang daan kaya hindi sila nahuli ng mga Muslim. Sa kabilang dako nakaalis na ang mga Quraysh na dala ang isang hukbong binubuo ng 1,000 mandirigma matapos na kanilang mapag-alaman sa unang sugo ang nanyari. Subalit nang sila ay papunta na, nasalubong sila ng ikalawang sugong ipinadala ni Abu Sufyan (RA) at sinabi sa kanilang ligtas na ang karaban. Hiniling nito sa kanila na bumalik na sa Makkah subalit tumanggi si Abu Jahl na bumalik. Ipinagpatuloy ng hukbo ang pagpunta sa Badr. Nang mapag-alaman ng Sugo (SAS) ang pagsugod ng mga Quraysh, sinangguni niya ang kanyang mga Sahabah (RA).



Napagkasunduan nilang lahat na makipagkita at makipaglaban sa mga Quraysh. Umaga ng araw ng Biyernes noong ika-17 ng buwan ng Ramadan taong 2 A.H. nang magharap ang dalawang panig. Naging mainit ang kanilang labanan at nagtapos sa pagwawagi ng mga Muslim at pagkamatay ng 14 *shaheed** sa kanilang panig samantalang ang mga Mushrik naman ay namatayan ng 70 kalalakihan at nabihag ang 70 sa kanila. Nang mga sandaling nagaganap ang paghahamok ay yumao si Ruqayyah (RA) na anak ng Sugo (SAS) at maybahay ni `Uthman (RA). Namatay si Ruqayyah (RA) sa Madinah na kapiling ang kanyang asawang si `Uthman. Hindi sumama si `Uthman (RA) sa labanan sa Badr dahil na rin sa kahilingan ng Sugo (SAS) na siya ay manatili sa piling ng kanyang may-sakit na maybahay. Pagkatapos ng labanan ay ipinagkaisang-dibdib ng Sugo (SAS) kay `Uthman ang kanyang ikalawang anak na si Zaynab (RA). Kaya dahil dito ay tinagurian si `Uthaman (RA) na *Dhunnoorayn* (Ang nagtataglay ng dalawang liwanag) sapagkat napangasawa niya ang dalawa sa mga anak ng Sugo (SAS). Pagkatapos ng labanan sa Badr ay nagbalik sa Madinah ang mga Muslim. Masaya sila sa tagumpay na kaloob ni Allah. Sa pagbalik nila ay may dala silang mga bihag at mga nasamsam na ari-arian ng mga kaaway. May mga bihag na tumubos sa kanilang sarili at mayroon din naman sa kanilang pinalaya nang walang kapalit na

*Ang *shaheed* ay ang taong nag-alay ng buhay alang-alang sa Islam.

pantubos. Ang pantubos sa kalayaan ng iba sa kanila ay ang pagtuturo ng pagbasa at pagsulat sa sampung mga anak ng mga Muslim.

Matapos ang labanan sa Badr ay may mga labanan pang namagitan sa mga Muslim at mga mamamayan ng Makkah. Ang ikalawang labanan ay ang labanan sa Uhud. Sa labananng ito ay nanalo ang mga Mushrik laban sa mga Muslim. Ang mga taga-Makkah na sumugod ay binubuo ng 3,000 mandirigma samantalang ang mga Muslim ay binubuo lamang ng humigit-kumulang sa 700 mandirigma. Pagkatapos ng ikalawang labanan na ito ay may isang pangkat ng mga Hudyo na nagsadya sa Makkah at inudyukan ang mga tagaroon na salakayin ang mga Muslim sa Madinah. Nangako pa silang tutulong at magbibigay ng ayuda. Tinugon naman ng mga taga-Makkah ang udyok. Inudyukan din ng mga Hudyo ang iba pang mga lipi na salakayin din ang mga Muslim. Pinaunlakan din ng mga lipi ang udyok ng mga Hudyo. Kaya't buhat sa lahat ng dako ay nagsimulang sumugod ang mga Mushrik papuntang Madinah hanggang sa nagkatipon ang humigit-kumulang sa 10,000 mandirigma. Nalaman na ng Sugo (SAS) ang mga pagkilos ng mga kalaban. Sinangguni niya ang kanyang mga Sahabah kaya't nagmungkahi sa kanya si Salman Al-Farsee (RA) na gumawa ng hukay sa palibot ng Madinah sa dakong walang mga bundok. Lumahok ang mga Muslim sa paghuhukay hanggang sa matapos nang mabilis. Sa loob halos ng isang buwan ay hindi matawid ng mga Mushrik



ang hukay. Hindi naglaon ay nagpadala si Allah ng malakas na hangin na bumuwal sa kanilang mga kubol. Dahil dito ay nalipos sila ng takot at dali-daling lumisan pabalik sa kanilang bayan.

## Ang Pagsakop sa Makkah

Noong taong 8 A.H. ay nagpasya ang Sugo (SAS) na salakayin ang Makkah at sakupin ito. Lumisan siya noong ika-10 ng Ramadan ng nabanggit na taon kasama ang 10,000 mandirigma. Napasok niya ang Makkah ng walang matinding labanang naganap sapagkat sumuko ang mga Quraysh at pinagwagi ni Allah ang mga Muslim. Matapos ang mapayapang pagsakop sa Makkah ay nagsadya ang Propeta (SAS) sa Ka`bah, nagsagawa ng *tawaf* sa palibot nito, at nagdasal ng dalawang rak'ah sa loob ng Ka'bah. Pagkatapos niyon ay binasag niya ang lahat ng mga diyos-diyusang nasa loob ng Ka`bah. Pagkatapos nito ay tumayo siya sa pintuan ng Ka`bah habang ang mga Quraysh ay nakatipon at naghihintay sa kung ano ang kanyang gagawin sa kanila. Nagsalita siya. "Kalipunan ng mga Quraysh, ano sa tingin ninyo ang gagawin ko sa inyo?," tanong niya. "Kung ano ang mabuti, kapatid na marangal na anak ng kapatid na marangal," sagot nila. "Humayo kayo; kayo ay malaya na," sabi niya sa kanila. Sa pangyayaring ito ay gumawa ang Sugo (SAS) ng pinakadakilang halimbawa ng pagpapatawad sa mga kaaway na nagpahirap at pumatay sa kanyang mga kasamahan at nanakit sa kanya at nagpalayas sa kanya sa kanyang bayan.

## Ang Pagyao ng Sugo (SAS)

Matapos na masakop ang Makkah ay pumasok ang mga tao sa Islam nang pulo-pulutong. At noong taong 10 A.H. ay nagsagawa ang Sugo (SAS) ng hajj. Ang hajj na ito ay ang nag-iisang hajj na isinagawa ng Sugo (SAS). Kasama niyang nagsagawa ng hajj ang mahigit sa isandaang libong tao. Matapos na maisagawa ang hajj ay nagbalik ang Sugo (SAS) sa Madinah. At pagkalipas ng humigit-kumulang sa dalawang buwan at kalahati ay nagsimula ang karamdaman ng Sugo ni Allah (SAS). At sa paglipas ng mga araw ay lalo pa itong lumalala. Nang nanghina na siya para pamunuan ang mga tao sa pagdarasal, hiniling niya kay Abu Bakr (RA) na ito na ang mamuno sa mga tao sa pagdarasal. Araw ng Lunes ika-12 ng buwan ng Rabee`ul'awwal taong 11 A.H. nang bawiin ng Kataastaasan ang buhay ng Sugo (SAS). Ganap na animnapu't tatlong gulang nang siya ay yumao. Nakarating sa mga Sahabah ang balita ng pagyao ng Sugo (SAS). Halos mawalan sila ng malay at hindi makapaniwala sa balita. Kaya tumayo si Abu Bakr As-Siddeeq (RA) sa gitna nila at nagsalita upang panatagin sila at linawin sa kanila na ang Sugo (SAS) ay isang tao lamang, na siya ay namatay kagaya ng pagkamatay ng karaniwang tao. At napanatag naman ang mga tao. Pinaliguan, binalot, at inilibing ang Sugo (SAS) sa silid ng kanyang butihing maybahay na si A`ishah (RA). Pagkatapos ng libing ay pinili ng mga Muslim si Abu Bakr As-Siddeq (RA) bilang



*Khaleefah* (pinuno) ng mga Muslim. Siya ang una sa mga napatnubayang *Khaleefah*. Ang Sugo (SAS) ay 53 taong nanirahan sa Makkah: 40 taon bago naging Propeta at 13 matapos naging Propeta. 10 taon siyang nanirahan sa Madinah.

## Ilan sa mga Pag-uugali ng Sugo (SAS)

Ang Sugo ni Allah (SAS) ang pinakamatapang na tao. Ang sabi ni Alee bin Abi Talib (RA): "Kapag naging matindi ang sigalot at nagtagpo ang dalawang pangkat ng mga tao upang maglaban, ang Sugo ni Allah ang ipinananananggalang namin." Siya rin ang pinakamapagbigay sa lahat ng tao. Walang anumang hiniling sa kanya na ang itinugon niya ay hindi. Siya ang pinakamapagtimpi sa lahat ng tao. Hindi siya naghihiganti para sa kanyang sarili, hindi siya nagagalit para sa kanyang sarili maliban na lamang kung ang kabanalan ni Allah ay nilalabag at kapag nagkagayon ay saka lamang siya maghihiganti para kay Allah. Para sa kanya ay pantay ang karapatan ng kamag-anak at di-kamag-anak, at ng malakas at mahina. Binigyang-diin niya na ang isang tao ay walang kalamangan sa kanyang kapwa maliban sa laki ng takot sa Diyos. Ayon sa kanya, "Ang mga tao ay pantay-pantay at kaya may mga sinaunang bansa na nilipol dahil kapag ang mataas sa kanila ang nagnakaw, pinababayaan na lamang nila iyon; ngunit kapag ang mahina sa kanila ang nagnakaw, ginagawaran nila iyon ng kaparusahan." Sinabi pa niya: "Sumpa man kay Allah, kung sakaling si Fatimah

na anak ni Muhammad ay nagnakaw, puputulin ko ang kanyang kamay." Kailanman ay wala siyang pinintasang pagkain. Kung maibigan niya ito, kakainin niya ito; at kung hindi niya maibigan, hindi niya ito gagalawin. Nakaranas pa ng isang buwan at dalawang buwan ang pamilya ni Muhammad (SAS) na hindi nagdingas ang apoy sa kanyang bahay at ang ipinantatawid nila sa gutom ay datiles at tubig lamang. Madalas niyang daganan ng bato ang kanyang tiyan dahil sa gutom. Siya ang nag-aayos ng kanyang sirang sandalyas. Siya ang sumusulsi sa kanyang kasuutan. Tinutulungan niya ang kanyang mag-anak sa gawaing bahay. Dinadalaw niya ang mga may-karamadaman. Siya ang pinakamapagpakumbaba sa lahat ng tao. Pinauunlakan niya ang paanyaya ng sinumang nag-aanyaya sa kanya maging ito ay mayaman man o mahirap, mababa man o mataas ang kalagayan sa lipunan. Mahal niya ang mga maralita. Dinadaluhan niya ang kanilang libing. Dinadalaw niya ang mga may-karamdaman sa kanila. Hindi niya hinahamak ang isang mahirap dahil sa kahirapan nito at hindi niya kinatatakutan ang isang hari dahil sa pagiging hari nito. Sumasakay siya sa kabayo, kamelyo, asno, at buriko. Siya ang pinakapalangiti sa lahat ng tao at ang may pinakamaamong mukha sa kanilang lahat sa kabila ng dami ng mga dalamhati at mga pighating dumapo sa kanya. Mahilig siya sa pabango at kinasusuklaman niya ang mabahong amoy. Tinipon sa kanya ni Allah ang mga ganap na kaasalan at mga magagandang gawa. Binigyan siya ni Allah ng



karunungang hindi naibigay sa sinumang nauna sa kanya o nahuli sa kanya. Hindi siya marunong bumasa at sumulat. Wala siyang guro na tao. Ang Qur'an na ito na kanyang dinala ay buhat kay Allah na ang sabi ni Allah hinggil dito ay: ***"Sabihin mo, 'Kung magsama-sama man ang tao at jinn upangmagdala ng katulad sa Qur'an na ito, hindi sila makapagdadala ng katulad nito at kahit pa man ang iba sa kanila ay katulong ng iba."*** Ang paglaki niyang walang kaalaman sa pagsulat at pagbasa ay nagpapawalang-saysay sa bintang ng mga nagpapabula na ang Qur'an ay sinulat niya lamang o natutuhan ito o nabasa sa iba.

## Ilan sa Kanyang mga Himala

Ang pinakadakila niyang himala ay ang Banal na Qur'an na dumaig sa lahat ng mga mahusay sa wikang Arabik. Ito rin ay naglalaman ng hamon ni Allah sa lahat na magbigay ng sampung surah na katulad nito o magbigay ng isang surah o kahit isang talata na lamang na katulad ng sa Qur'an. Saksi ang mga Mushrik sa kawalan nila ng kakayahang gawin ito. Hiniling sa kanya ng mga Mushrik na siya ay magpakita ng isang himala kaya naman nakita nila ang pagkabiyak ng buwan. Nabiyak ang buwan hanggang sa ito ay maging dalawang bahagi. Ilang ulit ding bumukal ang tubig sa pagitan ng kanyang mga daliri. Nagpuri ang maliit na bato sa kanyang palad. Nagpatuloy ito sa pagpupuri matapos na inilagay niya sa palad ni Abu Bakr (RA), at pagkatapos ay sa palad ni `Umar (RA), at

pagkatapos ay sa palad ni `Uthman (RA). Madalas nilang marinig na nagpupuri ang pagkain habang siya ay kumakain. Bumati sa kanya ang mga bato at mga punong-kahoy noong ginawa siyang Propeta. Kinausap siya ng braso ng tupang may lason na ibinigay sa kanya ng isang babaeng Hudyo na nais siyang patayin sa pamamagitan ng lason. Nang hiniling sa kanya ng isang Arabiano na taga-disyerto na pakitaan niya ito ng himala ay inutusan niya ang isang punong-kahoy na lumapit sa kanya. Lumapit naman ito at pagkatapos ay inutusan niya itong bumalik sa kinaroroonan nito. Nang dinama niya ang suso ng inahing tupa na walang gatas ay nagkaroon ito ng gatas. Ginatasan niya ito at uminom siya at si Abu Bakr (RA). Nilawayan niya ang dalawang mata ni `Alee bin Abi Talib (RA) ng ang mga ito ay namaga at hindi naglaon ay gumaling ang mga ito. Nasugatan ang isang lalaki sa mga Sahabah niya. Hinipo niya ang tama at kaagad namang gumaling ito. Dumalangin siya para kay Anas bin Malik (RA) na ito ay magkaroon ng mahabang buhay at maraming yaman at anak at pagpalain ito ni Allah sa mga ito. Nagkaroon ito ng 120 anak, ang mga puno nito ng datiles ay dalawang beses nagbubunga sa isang taon bagaman alam na ang datiles ay isang beses lamang kung magbunga sa isang taon, at nabuhay ito nang 120 taon. Idinaing sa kanya ang tagtuyot habang siya ay nasa pulpito ng Masjid kaya nanalangin siya kay Allah. Nang mga sandaling iyon ay walang kaulap-ulap sa langit ngunit dahil sa kanyang panalangin ay may namuong mga ulap na katulad ng mga bundok.



Bumuhos ang napakalakas na ulan sa sandaling iyon hanggang sa sumunod na Biyernes kaya may dumaing naman sa kanya sanhi ng dami ng ulan. Nanalangin na naman siya kay Allah at tumigil naman ang ulan. Lumabas ang mga tao at naglakad sa ilalim ng sikat ng araw. Pinakain niya ng humigit-kumulang sa tatlong kilo ng trigo at isang tupa ang mga taong dumalo sa paghuhukay ng kanal na ang bilang ay umabot sa isang libo. Nabusog silang lahat at umalis na ang pagkain ay hindi nabawasan. Pinakain niya rin ang mga taong ito ng kaunting datiles na dinala ng anak na babae ni Basheer bin Sa`d (RA) na para lang sana sa ama at tiyuhin nito. Pinakain din niya ang buong hukbo ng baon ni Abu Hurayrah (RA) hanggang sa mabusog ang lahat. Lumabas siya sa kanyang bahay habang sa palibot nito ay may isang daang Quraysh na naghihintay sa kanya upang patayin siya. Hinagisan niya ang kanilang mga mukha ng alikabok at siya ay umalis na hindi nila nakikita. Sinundan siya ni Suraqah bin Malik (RA) upang patayin siya. At nang malapit na ito sa kanya ay nanalangin siya laban dito kaya lumubog sa lupa ang mga paa ng kabayo nito.

## Ilan sa Kanyang mga Katangian

Tungkulin ng mga Muslim na malaman ang pagkatao ng marangal na Sugong ito ni Allah upang humatol sila ayon sa Qur'an na ipinahayag sa kanya, upang tularan nila ang kanyang pag-uugali at upang pahalagahan nila ang pag-aanyaya sa pagsampalataya sa isang Diyos na siyang

pangunahing mensahe ng kanyang pagkapropeta batay sa sinabi ni Allah: ***"Sabihin, 'Ako ay nag-aanyaya sa aking Panginoon at hindi nagtatambal sa Kanya ng ni isa man.' "*** (72:20)

Siya ang kahuli-hulihan sa lahat ng mga propeta. Sinabi pa niya (SAS): "Sa lahat ng mga propeta, ako ang may pinakamaraming tagasunod sa araw ng pagkabuhay at ako ang unang kakatok sa pinto ng paraiso." Nakikilala siya sa pamamagitan ng mabangong halimuyak, kapag siya (SAS) ay dumating. Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA): "Nagdarasal siya (SAS) noon sa kalaliman ng gabi hanggang sa mamaga ang kanyang dalawang paa (dahil sa katatayo habang nagdarasal). Kaya't may nagsabi sa kanya, 'Sugo ni Allah, ginagawa mo pa ito samantalang pinatawad ka na ni Allah sa nauna at darating mo pang kasalanan?' Ang sagot naman niya, 'Hindi ba't dapat lamang na ako'y maging mapagpasalamat na lingkod?' " Ayon sa sinabi ni 'Amr bin Al-Harith (RA): "Sa pagkamatay ng Sugo ni Allah (SAS) ay hindi siya nag-iwan ng *deenar* ni *dirham*, ng lalaking alipin ni babaeng alipin, wala kahit anuman kundi ang kanyang puting babaeng buriko na dati niyang sinasakyan, ang kanyang sandata, at isang kapirasong lupa na ginawa niyang kawanggawa para sa mga manlalakbay na kinapos ng panggastos habang nasa daan." Sinabi ni 'Umar bin Al-Khattab (RA): "Nakita ko ang Sugo ni Allah (SAS) na namimilipit sa gutom. Ni masamang uri ng datiles na mailalagay niya sa kanyang sikmura ay wala siyang



makita." Ayon sa sinabi ni A'ishah (RA): "Hindi pinagbuhatan ng kamay ng Sugo ni Allah (SAS) ang anuman maging ito man ay isang babae o isang utusan. Maliban na lamang sa kanyang pakikibaka alang-alang kay Allah. Walang anumang kapinsalaang kanyang nalasap na pinaghigantihan niya ang gumawa nito. Maliban na lamang kung ang kabanalan ni Allah ay nilalabag sapagkat siya ay naghihiganti para kay Allah." Ang sabi niya (SAS): "Ang pinakamahal sa mga lingkod ni Allah para kay Allah ay ang may pinakamagandang asal sa kanila."

## Ang Pag-anyaya Niya sa mga Hari at Pinuno

Nagpadala ang Sugo ni Allah (SAS) ng kanyang mga sugo sa mga hari at mga pinuno ng iba't ibang bansa upang anyayahan sila sa Islam. Isinugo niya si 'Amr bin Umayyah Ad-Damaree sa Najashi, ang hari ng Ethiopia. Ang pangalan ng Najashi ay As'hamah. Nang dumating ang liham na dala ng sugo ng Propeta (SAS) ay hinalikan ito ng Najashee sapagkat bago pa man dumating ang sugo ay pumasok na siya sa Islam. Ipinahayag niya ang kanyang pagpasok sa Islam kay Ja'far bin Abi Talib (RA). Isinugo ng Propeta (SAS) si Dihyah bin Khaleefah Al-Kalbee sa Qaysar, ang Emperador ng Byzantine. Ang pangalan ng Qaysar na ito ay Hiraql (Heracleus). Nagtanong ang Qaysar ng tungkol sa pagkatao ng Propeta (SAS). At nang masabi sa kanya ay natanggap niyang tunay ngang Propeta si Muhammad (SAS). Nagkaroon siya ng hangaring pumasok sa Islam ngunit hindi sumang-ayon sa kanya ang

kanyang mga nasasakupan. Sa takot niyang maalis sa kapangyarihan ay hindi siya pumasok sa Islam. Isinugo naman ng Propeta (SAS) si Hudhafah As-Sahmee sa Kisra, ang Emperador ng Persia. Nang mabasa ng Kisra ang sulat ng Propeta (SAS) na naglalaman ng paanyaya sa kanya na pumasok sa Islam ay ginutay-gutay niya ang sulat. Nang ito ay malaman ng Propeta (SAS) ay sinabi niyang, "Naway gutay-gutayin ni Allah ang kanyang kaharian." At ginutay-gutay nga ni Allah ang kanyang kaharian. Isinugo ng Propeta (SAS) si Hatib bin Abi Balta`ah Al-Lakhmee kay Al-Muqawqis, ang Hari ng Alexandria at Egipto. Maganda ang itinugon niya ngunit hindi siya pumasok sa Islam. Iniregalo niya sa Propeta (SAS) si Maria Al-Qibtiyah. Isinugo ng Propeta (SAS) si `Amr bin Al-`Ass sa dalawang hari ng Oman na sina Jayfar at `Abd na mga anak ni Al-Julandee. Pumasok at sumampalataya sa Islam ang dalawang hari. Isinugo ng Propeta (SAS) si Saleet bin `Amr Al-Amiree kay Hawdhah bin `Alee Al-Hanafee ng Yamamah. Ang Yamamah ay siyang Riyadh sa ngayon. Hindi ito pumasok sa Islam dahil hindi pinagbigyan ng Propeta ang kahilingan nito. Ang kahilingan nito ay ang makihati sa pamumuno ng Propeta (SAS). Isinugo ng Propeta (SAS) si Shuja` bin Wahb Al-Asadee kay Al-Harith bin Abi Shamir Al-Ghassanee na hari ng Al-Balqa' na isang bahagi ng Sham. Ayon kay Shuja` ay ibinigay niya ang sulat sa haring ito habang ito ay nasa Damascus. Binasa nito ang liham ngunit itinapon matapos mabasa. Sinabi pa ng hari na kasama ng hukbo nito ay pupuntahan



nito ang ang Propeta upang makidigma sa kanya. Marubdob ang kanyang hangaring gawin iyon ngunit pinigilan siya ng Qaysar. Isinugo ng Propeta (SAS) si Al-Muhajir bin Abi Umayyah Al-Makhzoomee kay Al-Harith Al-Himyaree na isa sa mga hari ng Yemen. Hindi pumasok sa Islam ang haring ito. Isinugo ng Propeta si Al-`Ala' bin Al-Hadramee kay Al-Mundhir bin Sawee Al-`Abdee na hari ng Bahrain. Dala ng sugo ang liham na nag-aanyaya sa haring ito na pumasok sa Islam. Sumampalataya at pumasok sa Islam ang hari. Isinugo ng Propeta (SAS) sina Abu Musa Al-Ash`aree at Mu`adh bin Jabal Al-Ansaree (RA) sa buong Yemen. Pinapunta sila roon upang ipalaganap ang Islam. Pumasok sa Islam ang karamihan sa mga mamayan ng Yemen at ang mga hari nito.

## Ang mga Napatnubayang *Khaleefah*

Nagsimula ang panahon ng mga napatnubayang *Khaleefah* pagyao ng Sugo (SAS) at nagtagal ng 30 taon. Apat sa mga malalaking *sahabah* ang sunod-sunod na namuno sa sambayanang Muslim at nangalaga sa pananampalatayang Islam. Ang layunin ng bawat isa sa mga napatnubayang *Khaleefah* ay ang paglingkuran ang Islam at itaguyod ang kapakanan ng sambayanang Muslim. Itinuturing na ang kapanahunan ng mga napatnubayang *Khaleefah* ang siyang ideyal na larawan ng bansang maka-Islam. Ito ay sa kadahilanang ang mga napatnubayang *Khaleefah* ay sumunod sa patnubay ng Sugo (SAS) at siya

ang kanilang tinularan. Itinaguyod din sa kanilang pamamahala ang mga katuruan ng Banal na Qur'an at Sunnah ng Propeta (ṢAS).

## Ang Unang *Khaleefah*

Siya ay si Abu Bakr As-Siddeeq (RA). Isinilang siya sa Makkah dalawang taon ang nakalipas pagkapanganak sa Propeta (SAS). Isa siyang kaibigan ng Sugo (SAS) at ang kauna-unahang lalaki na naniwala sa Sugo (SAS) Kinatigan ni Abu Bakr (RA) ang Sugo (SAS) sa pag-aanyaya nito sa Islam at alang-alang dito ay tiniis niya ang maraming paminsala. Siya ang kasama ng Sugo (SAS) sa paglikas nito sa Madeenah. Pagyao ng Sugo (SAS) ay pinili siya ng mga Muslim bilang *Khaleefah* ng Sugo ni Allah (SAS). Nagtagal ng dalawang taon at tatlong buwan ang kanyang panunungkulan bilang *Khaleefah*. Yumao siya sa gulang na 63 na siya ring edad ng Sugo (SAS).

## Ang Ikalawang *Khaleefah*

Siya ay si `Umar bin Al-Khattab. Isinilang siya 13 taon matapos na ipinanganak ang Sugo (SAS). Noong mga unang taon ng pagkapropeta ng Sugo (SAS), si `Umar (RA) ay kabilang sa mga taong may malaking pagkamuhi sa Islam at sa mga Muslim. Pumasok siya sa Islam anim na taon mula ng maging Propeta ang Sugo (SAS). Ang kanyang pagpasok sa Islam ay isang malaking tulong sa mga Muslim. Kabilang siya sa mga taong lubhang



napakalapit sa Sugo (SAS). Nanungkulan siya bilang *Khaleefah* pagkamatay ni Abu Bakr As-Siddeq (RA). Umabot sa sampung taon at kalahati ang panahon ng kanyang panunungkulan bilang *Khaleefah*. Noong taong 23 A. H., habang siya ay namumuno sa dasal sa madaling araw kasama ng isang pangkat ng mga Muslim, sinaksak siya ni Abu Lu'lu'ah Al-Majoosee na taga-Persia. Namatay siya sa gulang na 63 na siya ring edad ng Sugo (SAS).

## Ang Ikatlong *Khaleefah*

Siya ay si `Uthman bin `Affan. Isinilang siya limang taon matapos na ipinanganak ang Sugo (SAS). Kabilang siya sa mga maagang nagsiyakap sa Islam. Napamahal at napalapit siya sa Sugo (SAS). Ipinaasawa pa nito sa kanya ang anak nitong si Ruqayyah. At nang mamatay si Ruqayyah ay ipinaasawa naman nito sa ang ikalawang anak nito na si Umm Kulthoom. Dahil doon ay tinawag siyang *dhunnoorayn* (ang nagtataglay ng dalawang liwanag). Umabot 12 taon ang kanyang panunungkulan bilang *Khaleefah*.

## Ang Ikaapat na *Khaleefah*

Siya ay si `Alee bin Abi Talib, ang pinsang buo sa ama ng Sugo ni Allah (SAS) at asawa ng anak nito na si Fatimah. Siya ang kauna-unahang pumasok sa Islam sa mga bata. Nanungkulan siya bilang *Khaleefah* pagkamatay ni `Uthman bin `Affan. Nanatili siya sa kanyang katungkulan sa loob ng mga limang taon.

## Ang mga Umawee at mga `Abbasee

Nang magtapos ang panunungkulan ni `Alee bilang *Khaleefah* ay nagwakas na ang panahon ng mga napatnubayang *Khaleefah*. At nagsimula na ang bagong yugto ng kasaysayan ng mga Muslim. Ito ang yugto ng Estado ng mga Umawee na nagtagal ng 91 taon. Sa loob ng yugtong ito ay 14 *Khaleefah* ang nanungkulan. Damascus ang ginawang kabisera ng mga Umawee. Pagkatapos ng Estado ng mga Umawee ay dumating naman ang Estado ng mga `Abbasee na nagtagal ng mahigit sa limang siglo. Sa loob ng panahong ito ay 37 *Khaleefah* ang nanungkulan.

## PHILIPPINE'S ISLAMIC CENTERS FOR NEW MUSLIMS

**ISLAMIC DA'WAH COUNCIL OF THE PHILIPPINES**
Suite 418, FUBC Bldg. Escolta, Manila Philippines
P.O.Box # 3669
Tel.: 479-229

**ISLAMIC DA'WAH & GUIDANCE CENTER**
Village Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. : 816-6678 Fax: 632-5089 Ext. 18

**DARUL HIJRA FOUNDATION. INC.**
Suite 203, Ansa Bldg. 4704 Solchuaga St.
Pasong Tamo Cor. Kalayaan Ave.
Back of Maria Lourdes Hospital
Makati Metro Manila, Philippines
P.O.Box # 4106 MCPO
Telefax: 899-2052

**ISLAMIC WORLD COMMITTEE FOUNDATION,INC.**
Suite 307 Sison Mansion
2631 Rockfeller St. Corner Batangas
Makati Metro Manila, Philppines
P.O Box # 2900 MCPO 1269
Telefax : 812-8914 / 8872952 - 8872945

**INTERNATIONAL ISLAMIC RELIEF ORGANIZATION**
Heart Towers, Unit 101 and 201
Valero St. Salcedo Village
Makati metro Manila, Philippines
Tel. : 8131596 Fax: 8191652
By/ Shiekh Hamuod Al-Laahim (President)

**ISLAMIC STUDIES, CALL AND GUIDANCE (ISCAG-PHILIPPINES)**
Brgy. Salitran -, Dasmarinas, Cavite 1441, Philippines
Tel. : 416-3371 - 416-3629
By/ Bro. Ebrahim M. Mata (Director)

**LIPA ISLAMIC ASSOCIATION. INC.**
Brgy # 2-204 Interior Malvar St.
Lipa city 4217, Batangas, Philippines
By / Bro.Musa B. Santos (president)

**ISLAMIC WISDOM WORLDWIDE, INC.**
2 nd Floor Martinez Bldg.
ND Ave. Cotabato City 9600, Philippines
P.O. Box # 589
Tel. : 421-7248
By/ Bro.Haron Alempang (Representative)

**SHARIEF KABUNSUAN COLLEGE**
Bagua - 11 Cotabato City 9600, Philippines
By / Mrs. Kabaybay D. Abubakar (President)

**BALIK ISLAM DA' WAH FOUNDATION**
Super Market, Front of Melborn Hotel, Cotabato City 9600, Philippines
By / Bro. Esmail Timosa (President)

**NEW MUSLIM SOCIETY FOUNDATION, INC.**
Block 1, Biaca Compound Tacurong, Sultan Kudarat, Maguindanao, Philippines

**ASSOCIATION FOR ISLAMIC DEV'T.**
AID - INC.
Banali, Pagadian City, Philippines
P.O.Box # 1502
Tel. : 2141388 / 2142446
By / ShiekhEsmail Calalagan (President)

**ISLAMIC WISDOM WORLDWIDE**
Abaton Building
323 D Gunao St. Corner Globo De Oro St.
Quiapo Metro Manila 1001, Philippines
Tel. : 7341236

## Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allah na nagwikang: ***"At hindi ka (Muhammad) Namin isinugo kundi bilang habag sa lahat ng nilikha."*** at ***"Matatagpuan ninyo sa Sugo ni Allah ang magandang huwaran."*** Ang kapayapaan at pagpapala ay matamo ng Propeta na matapos niya ay wala ng iba pang propeta na darating.

Ang aklat na ito pinamagatang *Ang Talambuhay ng Propeta* (SAS)* ay inihahandog namin sa iyo sa layuning bigyan ka ng isang dagliang sulyap sa kanyang talumbuhay, mga katangian, at mga himala. Hindi namin hinangad na magbigay ng maraming dctalyc sa halip ay nagkasya na lamang kaming ilahad ang mga mahahalagang pangyayari sa kanyang buhay. Marami na ang sumulat ng kanyang talambuhay kaya marahil ay naisulat na ito sa lahat ng mga pangunahing wika ng daigdig. May isa pa ngang di-Muslim na nagsabing isang malaking karangalan ang sumulat ng talambuhay ni Muhammad (SAS). Bilang mga Muslim, ang aming hangad sa pagsulat nito ay hindi lamang para sa karangalan sumulat ng kauna-unahang aklat ng talambuhay ni Propeta Muhammad (SAS) sa wikang Tagalog kundi ang makapaglingkod sa sambayanang Muslim. Dalangin namin kay Allah na nawa'y maging kapaki-pakinabang ang aklat na ito. Tunay na siya ang dumidinig at tumutugon sa mga panalangin.

---

*SAS: Sallallahu Alayhi was Sallam (Sumakanya Nawa ang Pagpapala at Kapayapaan ni Allah). Ito ang sinasabi tuwing matapos banggitin ang pangalan o titulo ni Propeta Muhammad.

## Ang Arabia Bago Dumating ang Islam

Paganismo ang siyang umiiral na relihiyon sa mga Arabiano noon. Ang pagkakayakap nila sa paganismo na salungat sa matuwid na pananampalataya ang dahilan kung kaya binansagan ang kapanahunana nila na *Al-Jahiliyah* – ang Panahon ng Kamangmangan. Ang pinakabantog sa mga diyos-diyusang kanilang sinasamba maliban pa kay Allah na tunay na Diyos ay sina Al-Lat, Al-`Uzza, at Hubal. Ngunit mayroon ding mga Arabiano na yumakap sa Judaismo, Kristiyanismo, at Zoroasterismo. At mayroon din na iilang mga indibiduwal sa kanila na yumayakap sa *Al-Hanafeeyah*, ang sistema ng pananampalatayan batay sa paniniwala ni Abraham (AS).

Ang saligan ng buhay pang-ekonomiya ng mga *Badawee* – ang mga Arabiano na pagala-gala at walang pirmihang tirahan – ay ang yamang panghayupan na nababatay sa pagpapastol. At ang saligan naman ng buhay pang-ekonomiya ng mga *Hadir* – ang mga Arabiano na nakatira sa isang nayon o bayan at may pirmihang tahanan – ay ang pagsasaka at pangangalakal. Bago dumating ang Islam, ang Makkah ang siyang pinakamalaking lunsod pangkalakalan sa Arabia. Mayroon na ring mga mauunlad na mga pamayanan sa iba't-ibang dako ng Arabia nang panahong iyon.

Hinggil naman sa kalagayang panlipunan, ang kawalang-katarungan ay laganap, walang karapatan ang mahihina, kanilang inililibing nang buhay ang mga batang



babae, at pinagkakaitan ng karapatan ang isang mahina. Ang mga alipin ay kaaba-aba at wala ni katiting na karapatan. Ang pag-aasawa ng higit sa isa ay walang hanggan ang bilang. Ang pangangalunya ay laganap sa lahat maliban sa iilan. Ang digmaan ng mga lipi ay laganap na karaniwang nangyayari sanhi ng napakababaw na mga kadahilanan.

### Ang Handog

Ipinagmamayabang noon ng mga Quraysh kay `Abdulmuttalib na lolo ng Propeta Muhammad (SAS) ang pagkakaroon nila ng maraming supling at ari-arian. Kaya naman gumawa ng panata si Abdulmuttalib na kung siya ay pagkakalooban ni Allah ng sampung anak na lalaki, kanyang iaalay sa mga diyos-diyusan ang isa sa kanila. Natupad ang kanyang ninais; siya ay napagkalooban ng sampung anak na lalaki. Ang bunso sa kanila ay si `Abdullah na ama ng Propeta (SAS). Nang nais nang isakatuparan ni `Abdulmuttalib ang kanyang panata ay sinalungat siya ng mga tao at pinigilan nang sa gayon ay huwag itong gawin ng mga tao na isang kaugalian. Nagkaisa sila na gumawa ng palabunutan upang pagbunutan si `Abdullah at ang sampung kamelyo bilang pantubos sa kanya. Magdadagdag sila ng sampung kamelyo sa tuwing si `Abdullah ang mabubunot. Isinagawa nila ang pagbunot. Ngunit sa tuwina ay si `Abdullah ang siyang nabubunot. Pagsapit ng ikasampung pagbunot ay

saka pa lamang nabunot ang mga kamelyo na umabot na sa isandaan. Inialay nila ang mga kamelyo.

Si `Abdullah ang pinakamamahal ni `Abdulmuttalib sa lahat ng kanyang mga anak. Lalo na nang matapos ang pag-aalay at nang nagsimula na itong lumaki at magbinata ay lumitaw sa noon nito ang mga luningning na hindi nakikita sa ibang tao. Nang sumapit na sa wastong gulang itong si `Abdullah ay pumili ang ama niya para sa kanya ng isang dalagang kaanib sa liping Banu Zuhrah. Ang pangalan ng dalaga ay Aminah bint Wahb. Ipinakasal ni `Abdulmuttalib ang kanyang anak na si `Abdullah sa dalagang ito. Pagkatapos ng kanilang pag-iisang dibdib ay naglaho ang kislap na noon ay nagniningning sa noo ni `Abdullah at iyon ay nalipat sa sinapupunan ni Aminah.

Ginampanan ni `Abdullah ang kanyang papel sa larangan ng buhay at paghahanap ng ikabubuhay. Tatlong buwan matapos ipagbuntis ni Aminah ang Sugo ni Allah (SAS) ay lumisan si `Abdullah kasama ang karaban ng mga kalakal patungong Sham.* Nang siya ay nasa daang pauwi, siya ay nagkasakit. Tumigil siya sa Madinah sa piling ng kanyang mga tiyuhin sa ina na kaanib ng liping Banu An-Najjar. Doon siya nilagutan ng hininga at inilibing.

*Sham ang tawag noon sa rehiyong nasa hilagang bahagi ng Arabia na binubuo sa kasalukuyan ng Syria, Palestine, Lebanon, at Jordan.



## Ang Kapanganakan ng Sugo (SAS)

Patapos na ang mga buwan ng pagdadalang-tao ni Aminah at palapit na ang araw ng pagsilang. Nagsimula na ang pananakit ng kanyang tiyan ngunit hindi siya nakadama ng sakit at hirap na karaniwang dinaranas ng mga kababaihan kapag nagsisilang. Araw ng Lunes ng ika-12 araw ng buwan ng Rabee`ul'awwal noong taong 571 A.D. nang isinilang ni Aminah ang kanyang sanggol. Ang taon ng kapanganakan ng Sugo (SAS) ay tinatawag din na Taon ng Elepante

## Ang Taon ng Elepante

Heto ang buod ng kasaysayan ng elepante. Nang malaman ni Abrahah na siyang kinatawan ng Hari ng Ethiopia sa Yemen na ang mga Arabiano ay nagsasagawa ng hajj sa Ka`bah (dumadalaw roon upang sumamba), siya ay nagpatayo ng simbahan sa San`a (ang kabisera ng Yemen sa ngayon). Nais niyang mabaling sa simbahang ito ang isinasagawang hajj ng mga Arabiano. Ang tungkol dito ay narinig ng isang lalaking kaanib sa liping Banu Kinanah (isa sa mga lipi ng mga Arabiano). Kaya't isang gabi ay pinasok niya ang simbahan at nilagyan ng dumi ng tao ang mga dingding nito. Nang malaman ni Abrahah ang nangyari ay sumambulat ang kanyang galit. Kasama ang malaking hukbo na binubuo ng 60,000 kawal ay lumisan siya papuntang Ka`bah upang ito ay wasakin. Pinili niya para sa kanyang sarili ang pinakamalaking elepante. Ang hukbo ay may siyam na elepante. Nagpatuloy sila sa